# Balitang Manmin

BILANG 180  MAYO 21, 2017


# Pagtatanghal sa Pasko ng Pagkabuhay “Ang mga Luha ng Panginoon”

## Mga Bunga ng Sakripisyo ni Jesus, at Dugo ng mga Alagad at Apostol Niya














Noong Abril 15, 2017, sa ikalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, ipinalabas ang “The Lord’s Tears” (Mga Luha ng Panginoon), isang pagtatanghal ng Komite ng Sining sa espesyal na entablado na itinayo sa malaking santuwaryo. Naibrodkast din ito sa GCN (www.gcntv.org). Ipinakita dito ang mga tagpo tungkol sa ministeryo, pagpako sa krus, at muling pagkabuhay ni Jesus.

Tatlongdaan at limampung tao ang kasama sa produksyon ng pagtatanghal, kabilang dito ang mga taong tumulong (staff at crew), mga mang-aawit tulad ng Immanuel Choir at United Chorus, Nissin Orchestra, Hallelujah Band, Dream Band, mga gumanap, mga grupo ng mananayaw, at mga miyembro ng Manmin na tumulong sa produksyon.

Nagbukas ang unang bahagi ng pagtatanghal, “The Lord’s Love” (Pag-ibig ng Panginoon), sa pagpapakita ng patotoo ni Pedro, mga awitin ni Birheng Maria, ministeryo ni Jesus, pagkakanulo ni Judas Iscariote, pagpapako sa krus, at ang muling pagkabuhay.

Sa ikalawang bahagi, “The Lord’s Tears” (Mga Luha ng Panginoon), inilarawan ang mga disipulo na binago ng Banal na Espiritu na bumaba habang sila ay nasa silid sa taas ni Marcos. Naging mga bunga ng kaluwalhatian ang mga disipulo dahil naging mga martir sila, at marami pang iba ang binago dahil sa mga luha ng Panginoon at kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Nakadagdag sa emosyon ang anim na bagong awitin ng Manmin Praise tulad ng “Tears Cover My Eyes”, “Hope of Resurrection”, at “Tears of Martyrdom.” Sinabi ng Direktor ng Musika na si Diakonesa Jin Lee, “Ibinigay ng Diyos ang musika at awit para sa ganitong klaseng musika. Laman ng mga awitin ang patotoo ng mga umasa at nagsa-puso sa muling pagkabuhay at mga luha ng Panginoon. Maiksi lang ang palabas na ito, mga 60 minuto lang kaya naiba ito sa mga ganitong klaseng palabas. Nakatuon ito sa musika at awitin sa halip na mga salita.”

Tumanggap ng mga papuri ang pagtatanghal mula sa mga pastor at mananampalataya mula sa Israel, Latvia, Belgium, Singapore, Japan, Nepal, at Taiwan. Sinabi ng Punong Pastor Rev. Aleksejs Ledjajevs ng New Generation Church sa Latvia, “Napakaganda ng pagtatanghal. Mahusay ang pagsasama-sama ng iba’t ibang klase (genre) ng musika, at inilarawan nito ang espirituwal at malalalim na mensahe mula sa Biblia gamit ang napakahusay na teknolohiya. Nakakamangha ang pagpapakita sa pagtatanghal ng sakripisyo ng Panginoon, ang pagdating ng Banal na Espiritu, at ang pagmamartir ng mga alagad. Napaiyak ako.”

Pagkatapos ng pagtatanghal, pinuno ng mga miyembro ang mga puso nila ng kagalakan sa muling pakabuhay at pag-asa sa walang hanggang buhay sa Langit habang nagpupuri.

Panayam

### “Natupad ang Lahat ng Bagay Dahil sa Pagpapala ng Diyos at Tulong ng Banal na Espiritu”



Pastor Seongdeok Kim

Labinlimang taon na ang nakaraan magmula noong gumanap ako bilang Panginoon sa taunang pagtatanghal ng Pasko ng Pagkabuhay. Pinaghahandaan ko ito taun-taon sa pananalangin, nag-iisip ng paraan kung paano mas maipapakita ang pagmamahal at pagdurusa ni Jesus nang mas maliwanag.

Tuwing darating ang panahon ng pagtatanghal, nagbabawas ako ng 6-10 kilong timbang sa loob ng tatlo hanggang apat na linggo. Sa taong ito, walong kilo ang nabawas ko. Kapag nageensayo ako para ipakita ang pagdurusa ni Jesus at nagpapasan ng krus sa balikat, hindi ko mapigilang umiyak dahil sa pagpapasalamat.

Nadama ko ang pagpapala ng Diyos habang inirerekord ang mahahabang linya. Totoong naramdaman ko ang pagdurusa ni Jesus sa krus, sa pulso, mga binti, at buong katawan ko. Ipinahayag ko ang damdamin Niya sa tulong ng Banal na Espiritu. Dahil dito, mabilis natapos ang pagrerekord, isang pasada lang.

Dama ko ang damdamin ni Jesus para sa mga kaluluwa kapag nakakakita ako ng mga kaluluwang maysakit at nasasaktan. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na tumutulong sa akin sa pagganap ko ng papel bilang Panginoon tuwing may pagtatanghal para sa Pasko ng Pagkabuhay taun-taon habang narito pa ako sa mundo.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Makamandag na mga Ahas at ang Krus

"Kaya't si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin, at kapag may nakagat ng ahas, at tumingin ang taong iyon sa ahas na tanso ay nabubuhay" (Mga Bilang 21:9).

"Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, kailangan din namang itaas ang Anak ng Tao; upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:14-15).

Nakasulat sa Mga Bilang 21, pinatawid ng Diyos ang mga Israelita sa disyerto para maging karapat-dapat silang pumasok sa Lupain ng Canaan, ang "lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot."

Pero, hindi nila naintindihan ang kalaliman ng kalooban ng Diyos, mabilis silang magsalita at magreklamo laban sa Kanya sa tuwing nahihirapan sila. Inakusahan nila ang Diyos at si Moises na nagpalaya sa kanila mula sa pagkakaalipin sa Ehipto. Dumating sa mga mamamayan ng Israel ang poot ng Diyos sa pamamagitan ng mga makamandag na ahas. Naitala na maraming mamamayan ang nangamatay pagkatapos matuklaw ng mga ahas.

Sa pagkakataong ito, lumapit ang mga Israelita kay Moises para magsisi. Nang idalangin niya sa Diyos ang mga ito, inutusan siya ng Diyos na gumawa ng imahe ng makamandag na ahas at ilagay ito sa tikin, kung sinuman ang titingin doon ay mabubuhay kahit tinuklaw ng makamandag na ahas.

## 1. Mga Aral na Espirituwal na Maaaring Matutuhan mula sa Pagsalakay ng mga Makamandag na Ahas

### 1) Hanapin ang solusyon sa Diyos sa kahit na anong problema

Bilang pinakamakapangyarihang Diyos na Siyang tanging may kapangyarihan sa buhay, kamatayan, pagpapala, at kasawian ng lahat ng tao, Siya lang ang makapagpapadala ng mga makamandag na ahas sa mga Israelita pero Siya rin ang makapagliligtas sa kanila mula sa mga ito. Hindi lang basta lumitaw mula sa lupa ang mga ahas na ito. Karaniwan ng nakikita ang mga ahas at alakdan sa disyerto, pero dahil pinoprotektahan ng Diyos ang mga Israelita, hindi sila nilalapitan ng mga ito. Dahil lumaban sila sa Diyos nawala ang proteksyon para sa kanila, hindi na sila ligtas mula sa pinsala (Mga Bilang 21:5-6). Kaya hinanap ng mga Israelita mula sa Diyos ang ugat at solusyon sa problemang dala ng mga makamandag na ahas.

Sa espirituwal na diwa, ang mga makamandag na ahas ay tumutukoy sa kaaway na diyablo at Satanas. At dahil sinabi ng Diyos sa ahas na tumukso sa babae sa Genesis 3:14, "Alabok ang iyong kakainin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay..." ang "alabok" dito ay tumutukoy sa tao na hinubog mula sa alabok sa lupa. Dahil sa pagsaway ni Adan, ang ahas – ang kaaway na diyablo – ay nagsimulang pumatay o sumira sa lahat ng makalaman na tao na nabubuhay sa pagkakasala at dinala ang sangkatauhan sa mga pagsubok at pagdurusa.

Dapat hanapin at suriin ng mga anak ng Diyos ang ugat ng mga problema nila at lutasin ang mga ito ayon sa Salita ng Diyos (1 Juan 5:18). Kung ang mga mamamayan ng Israel ay nagsisi mula sa mga kasalanan nila at lumapit kay Moises, dapat ding lumapit sa Diyos ang mga anak Niya at magsisi sa mga kasalanan nila. Kapag ang mga tao ay taos-pusong magsisisi, gigibain ang pader ng mga kasalanan, at maliliwanagan, lulutasin ng Diyos ang mga problema nila kahit ano pa man ang mga ito.

### 2) Pagtiisan ang mga pagsubok ng pananampalataya, magpasalamat at magalak

Dumaan din sa iba't ibang klase ng pagdadalamhati ang mga ama ng pananampalataya. Ang mga pagsubok na dumating sa mga mamamayan ng Israel sa disyerto ay isang prosesong dapat nilang pagdaanan bago sila makapasok sa Canaan, ang lupain na puno ng pagpapala ng Diyos (Deuteronomio 8:15-16). Kung lubos silang nagtiwala sa Diyos sa halip na lumaban sa Kanya, nagbago sana sila at nagpasalamat sa pag-ibig at mga pagpapala Niya.

Kapag pinagtiisan natin ang mga pagsubok ng pananampalataya nang may pagpapasalamat at kagalakan, makakapasok tayo sa lupain na puno ng pagpapala. Mababasa sa Mga Taga-Roma 8:18, "Itinuturing ko na ang pagtitiis sa panahong kasalukuyan ay hindi karapat-dapat maihambing sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin." Kapag nagtitiwala tayo sa Diyos na mahabagin sa lahat ng situwasyon, magtiyaga tayo hanggang sa huli (Santiago 5:11), at magpasalamat, tatanggapin natin ang mga pagpapalang inihanda ng Diyos.

### 3) Kapag tumingin tayo sa ahas na tanso, kinikilala natin ang pag-ibig ng Diyos na tutulong sa atin na magkaroon ng pananampalataya

Nang tuklawin ang mga Israelita ng mga makamandag na ahas, nanatili silang buhay nang tumingin sila sa ahas na tanso na nakalagay sa tikin. Ang ibig sabihin ba nito ay walang kapangyarihan ang Diyos kaya kailangan pa silang tumingin sa ahas na tanso?

Kung mayroon lang sanang pananampalataya ang mga mamamayan ng Israel tulad ng senturion sa aklat ng Mateo 8, na nagsabi kay Jesus, "Sabihin Mo lamang ang salita," at "pagagalingin siya ng Diyos," pero walang ganitong klaseng pananampalataya ang mga Israelita.

Kahit napakalaki ng pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos, mababalewala ito kung hindi maniniwala ang mga tao. Kaya binigyan ng Diyos ang mga Israelita ng sagisag ng pananampalataya na nakikita. Nang tumingin sila sa imahe ng makamandag na ahas na nakalagay sa tikin, mas nagkaroon ng paniniwala ang mga Israelita na ililigtas sila ng Diyos mula sa pinsala ng mga makamandag na ahas.

## 2. Ang kalooban ng Diyos tungkol sa kaligtasan dahil sa pagpapapako ni Jesus sa krus

Pansinin ninyo ang nakasulat sa Juan 3:14-15, na nagsasabi, "Kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, kailangan din namang itaas ang Anak ng Tao; upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan." Ang tinutukoy nito ay ang pagpako kay Jesus sa krus. Tulad ng makamandag na ahas na inilagay sa tikin, si Jesus na walang kasalanan ay ipinako sa krus para tubusin tayo mula sa ating mga kasalanan.

Kung simbulo ni Satanas ang ahas, bakit tinutulad ng Biblia ang pagtingin sa ahas na tanso na nasa tikin sa pagtuon ng paningin kay Jesus na nakapako sa krus?

Ito ay sapagkat ipinapakita ang pagwasak sa kaaway na diyablo at Stanas ng pagpako sa krus kay Jesus. Ang pagtuon ng paningin kay Jesus na nakapako sa krus ay katulad ng pagiging saksi ng pagkawasak ng kapangyarihan ng kaaway na diyablo at Satanas, kung mananalig tayo dito, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan.

Ayon sa batas ng espirituwal na kaharian, ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Mga Taga-Roma 6:23). Kaya nang magkasala si Adan, siya at lahat ng mga inapo niya ay hinatulang mamatay. Dumating si Jesus dito sa mundo para iligtas ang sangkatauhan. Ginamit ng kaaway na diyablo at Satanas ang masasamang tao para ipako sa krus si Jesus na walang pagkakasala.

Naniwala sila na kung papatayin nila si Jesus makatitiyak sila na walang katapusan ang kapangyarihan ng kamatayan. Pero nagkamali sila, nawala sa kanila ang kapangyarihan dahil ayon sa batas ng espirituwal na kaharian ang parusang kamatayan ay para sa mga makasalanan. Nilabag ng kaaway na diyablo at Satanas ang batas, pinatay nila si Jesus na walang ginawang kasalanan ni walang orihinal na kasalanan.

Dahil dito, napilitan silang palayain mula sa kapangyarihan ng kamatayan at ibigay kay Jesus ang sinumang magtitiwala sa Kanya bilang sariling Tagapagligtas.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang pagpako kay Jesus sa krus may 2,000 taon na ang nakaraan ay nagbigay ng kaligtasan, walang hanggang buhay, mga kasagutan, at mga biyaya sa sinumang mananampalataya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na malinaw nawa ninyong maintindihan ang mensahe ng krus at tanggapin nawa ninyo ang kapangyarihan at mga biyaya bilang mga anak ng Diyos para maranasan ninyo ang walang hanggang luwalhati sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Anong Pagkakaiba ng ‘Pinili’ at ‘Inilaan’?



Ang ‘pinili’ ay tumutukoy sa pagtanggap sa sinumang nasa hangganan na itinatag ng Diyos. Halimbawa, nagtatag ang Diyos ng hangganan ng kaligtasan, maliligtas ang sinumang papasok sa hangganang ito. Kaya maliligtas ang tatanggap kay Jesu-Cristo, mapapatawad sa kasalanan, at bibigyan ng Banal na Espiritu bilang kaloob.

Pero may mga taong hindi nakakaintindi nito. Sinasabi nila na noong una pa man, inihiwalay na ng Diyos ang mga ligtas sa mga hindi ligtas, parang diktador. May mga nagsasabi din na sa sandaling tumanggap ang mga tao sa Panginoon, sapilitan silang ililigtas ng Diyos kahit hindi sila nabuhay ayon sa Salita ng Diyos. Pero malinaw ang sinabi ni Jesus sa Mateo 7:21, “Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, ‘Panginoon, Panginoon’, ay makakapasok sa kaharian ng langit, kundi sila na gumaganap sa kalooban ng Aking Ama na nasa langit.”

❖

Nais ng Diyos na magkaroon ng mga tunay na anak na mabibigyan Niya ng walang hanggang pagmamahal. Ito ang dahilan kung bakit binigyan Niya ng malayang kalooban ang sangkatauhan at ipinadala si Jesus dito sa mundo. Sa pamamagitan ng malayang kalooban natin, pwede tayong pumasok sa hangganan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

Mababasa sa Mga Taga-Roma 10:9, “Sapagkat kung ipapahayag mo sa pamamagitan ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay Siyang muli ng Diyos mula sa mga patay, ay maliligtas ka.” Pero, kung hindi papasok ang isang tao sa hangganan ng kaligtasan, o kung lalabas siya sa hangganan dahil gumagawa siya ng mga kasalanan at hindi nagsisi, hindi siya maliligtas.

Anong ibig sabihin ng ‘inilaan’ ng Diyos? Batid ng Diyos ang lahat ng bagay, alam Niya kung ano ang mangyayari bago pa magsimula ang panahon. Pinlano na Niya ang pangangalaga sa sangkatauhan. Para matupad ito, hinirang Niya ang ilang tao, ginabayan Niya ang mga ito sa buong buhay nila. Sila ay ‘inilaan’ ng Diyos. Inilaan ng Diyos si Abraham, ang ama ng pananampalataya at si Moises na namuno sa Exodo. Batid ng Diyos kung sino ang ipapanganak sa isang itinakdang panahon habang nangangalaga Siya ng sangkatauhan, batid din Niya ang nilalaman ng puso ng taong ito. Inilaan Niya ang mga taong itinalaga Niya na tutupad ng malalaking tungkulin. Binantayan Niyang mabuti ang paglilihi, kapanganakan, at bawat sandali ng mga buhay nila. Dumaan sila sa mga pagsubok sa ilalim ng patnubay ng Diyos at tinupad nila ng tapat ang mga tungkuling ibinigay Niya.

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 1:1, “Si Pablo na alipin ni Jesu-Cristo, tinawag upang maging apostol inilaan para sa ebanghelyo ng Diyos.” Nagdusa si Apostol Pablo mula sa maraming matinding paghihirap bilang apostol para sa mga Hentil. Siya ay inilaan para sa ebanghelyo ng Panginoon dahil ang puso niya ay magiting, matapang, at hindi nagbabago. Kailangan din niyang tuparin ang tungkulin niya sa pagsusulat ng maraming aklat ng Bagong Tipan. Dahil dito, puspusan siyang pinag-aral ng Salita ng Diyos mula pagkabata at pinaaral sa Gamaliel para maging sisidlan siya na may kakayahang tuparin ang tungkulin niya.

Inilaan din ng Diyos si Juan na Tagapagbautismo para ihanda ang daan para kay Jesus. Magmula noong nasa tiyan pa siya ng nanay niya at sa lahat ng hakbang sa buhay niya, inalagaan na siya ng Diyos. Mula noong bata pa siya, binigyan siya ng Diyos ng ibang klaseng buhay. Nanirahan siyang nag-iisa sa disyerto, malayo sa ibang tao. Ang suot niya ay balahibo ng kamelyo at may sinturon siya sa baywang na gawa sa balat ng hayop; ang kinakain niya ay balang at pulot.

## Isang Sulat mula sa Ibang Bansa

# “Nabulag ang Dalawang Mata Ko Dahil Nagsara ang mga Ugat sa Retina, Pero Nakakakita na Ako Ngayon!”

Noong Enero 6, 2017, biglang sumakit ang mga mata ko. Hilung-hilo ako, hindi ako nakapagtrabaho, humiga na lang ako sa kama. Kinabukasan, paggising ko, hindi na ako makakita. Nabigla ako. Dinala ako ng pamilya ko sa ospital, sumailalim ako sa maraming pagsusuri, kasama na ang pagpapa-CT scan ng utak ko. Pero hindi pa rin nalaman kung ano ang dahilan ng pagkabulag ko, at hindi nila pwedeng gamutin hangga’t hindi pa nalalaman ang dahilan. Napakalungkot ko.

Nagpatulong ako sa kapatid kong lalaki na si Lundula Jimmy, may mataas na posisyon siya sa DR Congo Embassy sa Korea. Kumunsulta siya sa World Christian Doctors Network ng Manmin Central Church. Sinabi nila na baka ang dahilan ng pagkabulag ko ay ang pagsasara ng ugat ko sa retina. Pagkalipas ng tatlong linggo, mas nalungkot pa ako, parang gusto kong sumuko.

Samantala, noong Enero 26, bumisita sa bahay ko si Pastor Jacob Lee, siya ang nagpapastor sa Kinshasa Manmin Church, isang sangay ng Manmin Central Church sa lugar namin. Nabalitaan niya ang tungkol sa karamdaman ko. Idinalangin niya ako gamit ang panyong pinanalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pinayuhan niya akong pakinggan ang sermon ni Dr. Lee na “Ang Mensahe ng Krus”, at ihanda ang sarili sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno para sa panalangin ni Dr. Lee na tatanggapin ng kapatid kong lalaki. Ginawa ko ang mga ipinayo niya.

Noong Enero 28, bumisita ang kapatid kong lalaki kay Dr. Lee para batiin ito sa Korean New Year. Tinanggap niya para sa akin ang panalangin ng Punong Pastor, dala niya ang litrato ko. Pagkalipas ng dalawang araw, may nakita akong liwanag, parang kandila, sa kanang mata ko. Magmula noon, unti-unti na akong nakakita. Nakikita ko na ang mga bagay sa harapan ko. Hallelujah!

Masayang-masaya ako, nagrehistro ako sa Kinshasa Manmin Church para maging miyembro ng Manmin. Nagpatuloy sa paggaling ang mga mata ko. Nakikita ko na ang mga kulay at nakakabasa na ulit ako. Bumalik sa normal ang paningin ko, parang muli akong ipinanganak.

Nagpapasalamat ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin na may buong pagmamahal. Pinagaling ako ng Diyos ng Manmin kahit wala ako sa Korea. Totoong nakakamangha ang Diyos!



Kapatid Lushima Tyty, 52 taong gulang, Kinshasa Manmin Church, DR Congo

# Mga Luha ng Panginoon

Unang Bahagi: Ang Pag-ibig ng Diyos

**Tagpo 1. Panimula:**
Awit ni Pedro,
Nakatagpo ang Panginoong Muling Nabuhay

**Tagpo 2. Prelude (Musika)**

**Tagpo 3. Pag-ibig ng Panginoon:**
Awit ni Maria Magdalena at ni Birheng Maria

**Tagpo 4. Ministeryo ng Panginoon:**
Pangangaral ni Jesus sa
mga Tao at ang pagtataksil ni Judas

**Tagpo 5. Pagdakip at Pagkakaila ni Pedro:**
Tatlong beses ikinaila ni Pedro si Jesus


































**Tagpo 6. Pagpako sa Krus:**
Pagdurusa sa Krus at Kamatayan

**Tagpo 7. Muling Pagkabuhay ng Panginoon:**
Ang Panginoong Muling Nabuhay

Pangalawang Bahagi: Ang mga Luha ng Panginoon

**Tagpo 8. Ministeryo ng mga Disipulo:**
Ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu
sa Silid sa Itaas sa tahanan ni Marcos

**Tagpo 9. Mga Luha ng Pagmamartir:**
Naging bunga ng kaluwalhatian
ang mga disipulo dahil sa pagmamartir

**Tagpo 10. Bunga ng mga Luha ng Panginoon:**
Bunga ng mga Luha ng Panginoon
sa paglipas ng panahon










Pagtatanghal sa Pasko ng Pagkabuhay 2017

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714